
1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 1
## Magulang Ko: Pararangalan Ko!



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_ESP 1_Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**EsP – Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 2 – Module 1: Magulang Ko: Pararangalan Ko!**
**First Edition, 2019**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | THERESA T. CABAIRO |
| **Tagasuri:** | MARICION PAGUIRIGAN |
| | EVELYN PIADO-SOLIS, EdD |
| **Tagaguhit:** | VINCENT RUIZ |
| | ADELAIDA D. DE GUZMAN |
| **Tagalapat:** | JAY-AR A. ULEP, JAYPEE E. SANTILLAN, ROLDAN R. RIVERO |
| **Tagapamahala:** | BENJAMIN D. PARAGAS, PhD., CESO IV |
| | JESSIE L. AMIN, EdD., CESO V |
| | OCTAVIO V. CABASAG, PhD |
| | RIZALINO G. CARONAN |
| | RICHARD O. PONHAGBAN |
| | ROMEL B. COSTALES |
| | SAMUEL P. LAZAM, PhD |
| | EMELYN L. TALAUE |
| | EVA O. DELA CRUZ |


**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region 02**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 1
## Magulang Ko: Pararangalan Ko!

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.


## *Alamin*

Pagkatapos ng modyul na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang makapagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa mga magulang. **(EsP1P-IIa-b-1)**

## *Subukin*

Panuto: Sa iyong sagutang papel, lagyan ng tsek (/) ang bilang ng larawan na nagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa mga magulang.

**1**



**2**



**3**



4



5




## *Balikan*

Panuto: Isulat ang **Tama** sa sagutang papel kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa kapamilya at **Mali** naman kung hindi.

1. Pagpapakain sa tatay na may sakit.
2. Pag-aalaga sa maysakit na kapatid.
3. Hindi pagpansin sa tawag ng nanay habang ito ay nagluluto.
4. Pagtulong sa nanay sa pagpapaligo sa lola na matanda na at mahina.
5. Panonood ng telebisyon habang abala si tatay sa pagdidilig ng halaman.

Aralin 1

# Magulang Ko: Pararangalan Ko!



Napakasarap makita ang pamilyang puno ng pagmamahalan. Masayang gumagawa at nagtutulungan sa mga gawaing bahay. Ang mga magulang ang ating ilaw at haligi ng tahanan na ibibigay ang lahat pati ang sariling buhay para sa kapakanan ng buong pamilya.

Ang mga anak naman ay dapat na maging masunurin sa kanilang mga magulang dahil ito ay tanda ng paggalang at pagmamahal sa kanila.

Tara na! Ating bigyan ng karangalan ang ating mga magulang!

## Tuklasin

Panuto: Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

Si Ana ay batang kabilang sa mahihirap na pamilya sa barangay San Andres. Kilalang-kilala siya bilang isang mabait, magalang at masipag na mag-aaral sa ikaapat na baitang ng mababang paaralan ng elementarya.

Lumipas ang dalawang buwan, hindi namalayan ni Ana na dumating na ang kaniyang inaasam-asam, ang pagbibigay parangal sa unang markahan.

"Magandang hapon mga bata at mahal kong mga magulang, ngayong hapon ay araw ng pagbibigay ng kard at sertipiko para sa mga batang nagpakita ng galing sa unang markahan" wika ni Gng. Cureg.

Tumayo si Ana nang tinawag ang kaniyang pangalan. Tuwang-tuwa siya at kaniyang ibinigay ang sertipiko ng pagkilala sa kaniyang magulang. "Para po sa inyo ang sertipikong ito nanay at tatay. Salamat po sa lahat ng sakripisyo at suporta kahit na mahirap lang tayo. Nagsusumikap po kayong tustusan ang aking pag-aaral at pang-araw-araw na pangangailangan" wika ni Ana, at niyakap niya ang kaniyang magulang.

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel:

1. Ilarawan si Ana bilang isang mag-aaral ng ikaapat na baitang?

2. Kung ikaw si Ana, ano ang mararamdaman mo na ikaw ay parangalan sa klase?

3. Bakit inialay ni Ana ang sertipiko ng pagkilala sa kaniyang magulang?

4. Gusto mo bang maging katulad ni Ana? Bakit?

5. Ano ang iyong gagawin upang maipakita ang iyong pagmamahal at paggalang sa iyong mga magulang?

## *Suriin*

Ang ating mga magulang ang ating sandalan kung tayo ay may problema. Sila ang ating kasama sa lahat ng pagsubok sa buhay. Sila ang gumigising sa atin tuwing umaga. Sila ang naghahanapbuhay para tustusan ang pangangailangan natin sa araw-araw. Si nanay ang madalas na naghahanda ng pagkain para sa umaga, tanghali at gabi habang si tatay naman ang naghahanapbuhay . Gagawin nila

ang lahat para tayo ay mabigyan ng magandang buhay.

Sa kanilang pagsasakripisyo, nararapat lamang na sila ay parangalan. Sila ang tunay na bayani sa bawat tahanan, at mananatili sila sa puso, isip at diwa ng kanilang pamilya.

## *Pagyamanin*

Panuto: Sumulat ng tatlong gawain o kaugaliang nagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa mga magulang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1.____________________________________________

____________________________________________

2.____________________________________________


____________________________________________

3.____________________________________________

____________________________________________

# Isaisip

Gusto mong magpaalam sa iyong mga magulang na lalabas ka ng bahay upang makipaglaro sa iyong mga kaibigan, ngunit may mahalaga silang pinag-uusapan. Ano ang iyong gagawin? Isulat ang sagot sa loob ng puso. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




# Isagawa

A. Panuto: Sa iyong sagutang papel, iguhit ang ☺ sa katapat ng mga gawaing nagpapakita ng paggalang at pag mamahal sa mga magulang at ☹ naman para sa mga gawaing hindi nagpapakita ng paggalang at pagmamahal.

| | ☺ o ☹ |
|---|---|
| 1. Tumutulong ka sa pagpupunas ng mga mesa at upuan. | |
| 2. Humahalik sa pisngi kapag dumating si tatay galing sa trabaho. | |
| 3. Tinawag ka ng iyong nanay para bumili ng mantika sa tindahan pero ayaw mong maabala sa paglalaro. | |
| 4. Tinulungan mo si tatay sa pagsisinop ng mga gamit sa likod-bahay. | |
| 5. Inuna mo ang panonood ng TV bago ang pagsunod sa utos ni nanay. | |

B. Panuto: Sa patnubay ng magulang, gumupit ng papel na hugis puso. Pagkatapos ay isulat dito ang mga salitang: “Ikinararangal ko po na kayo ang magulang Ko!” Ibigay ito sa iyong mga magulang.






## *Tayahin*

Panuto: Isulat ang salitang **Tama** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng pagmamahal at paggalang sa magulang at **Mali** kung hindi. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sinisigawan ko ang aking nanay kapag hindi ako binibigyan ng baon.___________

2. Lumalakad ako nang marahan lalo na kung sila ay natutulog. ___________


3. Nakikipag-usap ako sa aking mga magulang na may katamtamang lakas ng boses. ___________

4. Nagmamano ako sa aking magulang. ___________

5. Nagpapasalamat ako sa aking mga magulang lalo na kapag binibilhan nila ako ng bagong gamit. ___________

## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng maikling sulat sa magulang o tagapag-alaga **(guardian)** na nagsasaad ng iyong pasasalamat dahil sa pagtatrabaho at pagsisikap nila para maibigay ang iyong pangangailangan lalo na sa pag-aaral. Ibigay ito sa magulang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



# Susi sa Pagwawasto

| | | |
|---|---|---|
| **Tayahin**<br>1. Mali<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. Tama<br>5. Tama<br><br>**Karagdagang Gawain**<br>Iba-iba ang sagot. | **Pagyamanin**<br>Magkakaiba ang sagot<br><br>**Isaisip**<br>Magkakaiba ang sagot<br><br>**Isagawa**<br>**1.** <br>**2.** <br>**3.** <br>**4.** <br>**5.**  | **Subukin**<br>1. /<br>2.<br>3. /<br>4. /<br>5.<br>**Tuklasin**<br>Magkakaiba ang sagot |

# *Sanggunian*

- ***Curriculum Guide 2016***

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph